August 24, 2020

Sa mga Magulang

Komaki City Board of Education

# 学校における新型コロナウイルス感染症への対応について（タ）

**Tungkol sa Pagtugon ng Paaralan sa Sakit na COVID-19 "New type Corona Virus" Infections**

Kami ay lubos na nagpapasalamat sa inyong pakikipag kooperasyon at pag-unawa sa mga aktibidad ng paaralan.

Kakailanganin ang mahabang panahon sa pagtugon sa sakit na COVID-19 "New type Corona Virus Infection" at sinisikap ng paaralan na maiwasan ang pagkalat ng sakit na ito upang tiyak na magtuloy-tuloy ang mga aralin at masigurado ang kaligtasan ng mga mag-aaral at mapanatag na maipag-patuloy ang pamumuhay sa loob ng paaralan.

Hinihiling din namin sa mga Magulang ang patuloy na pag-oobserba sa kalagayan ng kalusugan ng anak sa loob ng tahanan upang maiwasan ang pagkakahawa sa sakit na ito at gayundin ang inyong pakikipag tulungan sa paaralan.

Bilang karagdagan, noong August 6 ay ang Ministry of Education Culture Sports Science & Technology (MEXT) ay naglabas ng「Humanity Management Manual for "New Corona Virus Disease Infection at School」～「New Life style at School」～(revised version) upang mag silbing gabay base sa mga bagong kaalaman.

Sinisikap din ng mga paaralan sa Elementary at Junior High School sa lungsod ng Komaki na pagtibayin ng husto ang pagsasagawa ng mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng virus at ang patuloy na pagbibigay ng aksyon na iaayon sa bagong guidelines.

## １　家庭での健康状態の把握について Tungkol sa Pag alam ng Kalagayan ng Kalusugan sa Tahanan

○ Pinapakiusap na tuwing umaga ay i-check ang temperatura at kalagayan ng katawan at isulat ito sa「Health Observation Card」at ipasa ito sa Class adviser.

○ Kung may nararamdaman na matamlay ang katawan, hirap sa pag hinga, may lagnat, inuubo o may sintomas ng colds, ay pag pahingahin muna sa bahay.

○ I-check din ang kalagayan ng kasambahay araw-araw at tumawag lamang sa paaralan kung may sintomas na katulad ng nakasulat sa itaas.

## ２　感染が判明・感染の疑いがある場合について Kung Nalaman na Infected ng Virus o May Hinala na Infected ng Virus

○ Kung ito ay tulad sa mga sumusunod ay tumawag lamang sa paaralan at ipaalam sa Class adviser upang maiwasan ang pagkalat ng sakit.

・ Kung nalaman na infected ng virus ang Mag-aaral gayundin ang kasambahay.

・ Kung napag-alaman na ang Mag-aaral o kasambahay ay nagkaroon ng Close contact.

## ３　臨時休校の考え方について Tungkol sa pagpapatupad ng pansamantalang suspension ng klase sa paaralan

○Kung napag alaman na nahawa ang Mag-aaral o ang Teacher at ayon sa ikukunsulta sa Hygiene Bureau ng Prefecture ay ipapatupad ang pag di-disinfect ng facility at pag- che-check ng mga taong nagkaroon ng Close contact. Sa pagkakataong ito ay may posibilidad na pansamantalang suspension ng klase sa paaralan ng 1 ~ 3 araw.

○At tungkol sa panahon na suspinde ang klase ay may posibilidad na ma extend ang araw nito.

## ４　出席停止について **Tungkol sa Suspension of Attendance**

〇Ang mga Mag-aaral na nangangailangan ng Medical care o Mag-aaral na may basic illness at gayundin ang mga Mag-aaral na boluntaryong nag-absent dahilan sa safety measures upang maiwasan na mahawa sa virus infection ay hindi magiging counted as absent ang pag-liban sa paaralan sa halip ito ay magiging「Suspension of attendance」 pagkatapos na makipag ugnayan ang magulang sa paaralan.

## ５　学校施設の清掃、消毒について **Tungkol sa paglilinis at pag di-disinfect ng facility ng paaralan**

〇 Magbibigay ng mas higit na pag-gabay upang panatilihing malinis ang lugar sa pamamagitan ng regular na paglilinis upang mas mapangalagaan ang kalusugan ng mga Mag-aaral at makaiwas laban sa sakit.

〇 Para sa pangunahing paraan ay susundin ang gabay na inilabas ng Ministry of Education Culture Sports Science & Technology (MEXT) na 「Humanity Management Manual for "New Corona Virus Disease Infection at School」~「New Life style at School」~ (Revised version)

## ６　登下校中の熱中症対策について **Tungkol sa Countermeasures ng Heatstroke sa Panahon ng Pag pasok at Pag-uwi mula sa paaralan**

〇 Pinapayagang gumamit o magdala ng payong, neck cooler (neck towel), basing towel, coolant.

〇 Pagbaunin ng mas madaming baong inumin. Pinapayagan din na magdala ng Sports drink.

## ７　マスクの着用について **Tungkol sa Pagsusuot ng Mask**

〇 Binigyan po namin ng instruction ang mga mag-aaral na magtanggal ng mask kung sapat ang layo mula sa ibang tao, dahil sa patuloy na init ng panahon na maaring magdulot ng heat stroke na magiging panganib sa kalusugan.

(Kabilang ang oras ng P.E. , oras ng uwian at pag pasok sa paaralan)

〇 Binigyan po namin ng instruction ang mga mag-aaral na kausapin ang isang bata kung napansin nila na nahihirapan itong mag pasya sa sarili.

## 偏見や差別、いじめ等の防止について

## Tungkol sa pag-iwas sa discrimination,

## hindi magandang pagturing sa tao (prejudice) at bullying

Hindi ilalathala sa publiko ng Komaki City ang pangalan ng paaralan ng mga mga taong nahawahan at nagkaroon ng closed contact alinsunod sa pag-galang sa karapatang pang tao. Ngunit, nais po naming ipa-unawa sa inyo na kung halimbawang magkakaroon ng pagsuspinde sa pagpasok sa paaralan ay tutugunan ng policy ang pagpapadala ng mail sa mga magulang ng nasabing paaralan.

Sa gitna ng pag papatupad ng education activities at sa pagsisikap na maiwasan ang pagkalat ng sakit ay hindi pa din alam kung sino at kailan mahahawahan nito. Kung kayat isusulong din namin na palakihin ang mga bata na mayroong pagsasa-alang-alang sa kapwa. Ipinapakiusap po namin na maging sa inyong tahanan ay bigyan ito ng pansin upang maiwasan ang paninirang puri sa kapwa, pagkalat ng chismis sa pamilya at sa mga taong may kaugnayan sa taong nahawahan ng sakit na ito.